Pangalan: ___________________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: ________________ Petsa Nang Natapos: _______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagkakaiba ng Katotohanan at Opinyon**

**PANUTO:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat pangungusap. Bilugan ang letra ng tamang sagot.

1. Anong salita/detalye ang naging ebidensiya na ang pahayag ay katotohanan? **"Nagkaroon kami ng lakbay-aral noong 2019."**

a. 2019 b. Noon c. Nagkaroon d. Lakbay-aral

2. Anong salita/detalye ang naging batayan na ang pahayag ay isang opinyon? **"Inaasahan ko po at ng iba pang katulad ko ang inyong agarang aksiyon ukol dito."**

a. Inaasahan ko b. Agarang aksiyon c. At ng iba d. Katulad ko

3. Ito ang mga pahayag na nagpapabatid ng mga nangyayari at impormasyon.

a. Pantasya
b. Katatakutan
c. Katotohanan at opinyon
d. Katatawanan at kababalaghan

4. Kailan nagiging katotohanan ang isang impormasyon?

a. Kapag ito ay kuro-kuro ng isang kilalang tao
b. Kung ipinakikita ang tamang paghuhusga
c. Kung ito ay maaaring patunayan
d. Kung ito ay napapanahon

5. Kailan nagiging opinyon ang isang pahayag?

a. Kung ipinakikita nito ang tiyak na pangyayari
b. Kung ito ay ekspresyon ng damdamin
c. Kung ito ay posible at obhetibo
d. Kung ito ay kumukuha ng atensiyon

6. Alin ang isa sa mga layunin ng katotohanan?

a. Ipahayag ang isang damdamin
b. Ipahatid ang nasa isipan at maging ang nararamdaman
c. Ipaalam ang isang subhetibong pananaw
d. Ipakita ang tiyak na pangyayari

7. Alin sa mga salitang pahiwatig ang ginagamit sa pagpapahayag ng isang opinyon?

a. Sa aking palagay…
b. Batay sa sarbey…
c. Saad ng datos…
d. Ayon sa tala…

8. Alin sa mga salitang pahiwatig ang ginagamit sa pagpapahayag ng isang katotohanan?

a. …lubos na nakapanghihinayang…
b. …naganap noong isang taon…
c. …lubhang nakababahala…
d. …nakalulungkot isipin…

9. Bakit mahalaga sa isang mag-aaral ang kasanayang matukoy kung katotohanan o opinyon ang isang impormasyon?

a. Makatutulong itong mabuo ang tiwala sa sariling kakayahan.
b. Makatutulong itong mapaunlad ang kakayahang magpaliwanag.
c. Makatutulong itong mapalawak ang kaalaman sa mga bagong salita.
d. Makatutulong itong malinang ang kritikal at mapanuring kasanayan sa pagbabasa at pakikinig.

10. Bakit mahalagang matutuhan ang pagkakakilanlan ng katotohanan at opinyon?

a. Makatutulong itong makita ang mali at ang tama.
b. Makatutulong itong makilatis ang iba't ibang impormasyon.
c. Makatutulong itong malaman ang mga napapanahong balita.
d. Makatutulong itong masanay sa pagiging kritiko ng nababasang impormasyon.